



PATNUBAY SA MISA



22 Disyembre 2017

SIMBANG GABI – Ikapitong Araw

Taon B

Dakila ang Ginawa ng Diyos para sa Atin!

Ang paksa sa araw na ito ay utang na loob sa Diyos para sa mga kamanghaang ginawa ng Panginoon di lamang para kay Mariang Kabanal-banalan, kundi para rin sa ating pamayanan at bawat isa sa atin. Kahanga-hanga ang pusong nagpapasalamat, ang pusong nakababatid na ang lahat ay grasya at marunong magpasalamat sa Panginoong Bukal ng lahat ng pagpapala.

Kasama ng Mahal na Ina, tayo ay nagpapasalamat sa Diyos sa lahat ng Kanyang ginawa para kay Maria at para sa atin. Gayundin, pasalamat natin ang lahat ng gumawa ng mabuti sa atin sa pamamagitan ng pagdarasal para sa kanilang mga pangangailangan at kahilingan. Tolutang ang ating dalangin ng pasasalamat sa pagdiriwang ngayon ng Eukaristiya ay siya nating maging paunang pamaskong handog sa kanila.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Buksan ninyo ang pintuan, itaas ang mga halang nang ang Haring nagtagumpay taglay ang kadakilaa'y makapasok nang lubusan.

Pagbati

P–Ang biyaya at kapayapaang buhat sa ating Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Pinuspos tayo ng Diyos ng Kanyang pagpapala. Paano tayong tumutugon sa Kanyang bukas-palad na pagmamahal? (Manahimik sandali.)

P–Para sa mga pagkakataong nagpabaya kaming magpasalamat sa mga nilikha mong kasaganaan at kagandahan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong di kami nagpasalamat sa kaloob mong Simbahan, iyong Salita, at mga Sakramento, Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong di namin napasalamatan ang iyong kaloob na pagpapatawad at buhay na walang hanggan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, niloob mong sa pagdating ng iyong Anak ay matubos ang sangkatauhang nakita mong sa kamatayan nasadlak. Ipagkaloob mong ang mga nagdiriwang sa kanyang pagkakatawang-tao nang may kapakumbabaan at katapatan ay maging dapat na makasalo sa Manunubos naming ito na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa 1 Sam 1:24-28

Napuspos ng galak at pasasalamat ang puso ni Ana dahil sa tinanggap niyang kaloob na sanggol na lalaki. Ang pag-aalay niya sa bata sa Diyos at ang imno ng pasasalamat sa Salmong Tugunan ay nagbabadya ng pagpapakilala sa pagpapasalamat ni Maria sa Panginoon sa kanyang "Magnificat."

L – Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ni Samuel

Noong mga araw na iyon, nang maawat na si Samuel, dinala siya ng kanyang ina sa Templo sa Silo. Nagdala pa siya ng isang torong tatlong taon, tatlumpu't anim na litrong harina at isang pitsel na alak. Nang maihandog na ang baka, dinala nila kay Eli ang bata. Sinabi ni Ana, "Kung natatandaan ninyo, ako po yaong babaing tumayo sa tabi ninyo noon at nanalangin sa Panginoon. Idinalangin ko sa kanya na ako'y pagkalooban ng anak at ito po ang ibinigay niya sa akin. Kaya naman po, inihahandog ko siya sa Panginoon upang maglingkod sa kanya habang-buhay." Pagkatapos nito, nagpuri sila sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan 1 Sam 2

B – Diyos kong Tagapagligtas, pinupuri kitang wagas!

R. M. Velez

Eb Gm/D Cm7



D'yos kong Ta-ga-pag-lig-tas,



pi-nu--pu---ri ki---tang wa--gas!

* Pinupuri ko kayo, Poon, dahil sa kaloob ninyo sa akin. Pinagtatawanan ko ngayon ang aking mga kaaway, sapagka't iniligtas ninyo ako sa kadustaan. **B.**

* Nagapi ninyo ang mga makapangyarihan, at pinalalakas ninyo ang mahihina. Kaya, ang dating mayayaman ay nagpapaupa para mabuhay. Masagana ngayon ang

dating maralita. Ang dating baog, nagsilang ng mga anak, at ang maraming supling ay sa lungkot nasadlak. **B.**

* Kayo, Poon, ay may kapangyarihang magbigay o bumawi ng buhay. Maaari ninyo kaming patayin, maaari ring buhayin. Maaari ninyo kaming payamanin o paghirapin, maaari ring ibaba o itaas. **B.**

* Mapadadakila ninyo kahit ang pinakaaba, mahahango sa kahirapan kahit ang pinakadukha. Maihahanay ninyo sila sa mga maharlika, mabibigyan ng karangalan kahit na ang dustang-dusta. **B.**

Aleluya

B – Aleluya! Aleluya!

Hari't batong panulukang saligan ng Sambayanan, halina't kami'y idangal.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 1:46-56

Bilang sagot sa mga bati ni Elisabet, itinataas ni Maria ang kanyang puso sa Panginoon sa isang imno ng papuri at pasasalamat na tinatawag nating "Magnificat." Tunay na lahat ng mabuti sa buhay ni Maria't sa buhay natin ay buhat sa Panginoon.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, ipinahayag ni Maria ang awit na ito: "Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, at nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking Tagapagligtas. Sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin! At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi, dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan Banal ang kanyang pangalan! Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, sa lahat ng sali't saling lahi. Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig, pinangalat niya ang mga palalo ang isipan. Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan. Binusog niya ng mga mabubuting bagay ang mga nagugutom, at pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman. Tinulungan niya ang kanyang bayang Israel, bilang pagtupad sa pangako niya sa ating mga magulang, kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!"

Nanatili si Maria kina Elisabet nang may tatlong buwan, at saka umuwi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P – Kahanga-hanga ang ginawa ng Diyos di lamang kay Maria, kundi pati na rin sa atin. Magpasalamat tayo sa Kanya:

B – Salamat sa Iyo, Panginoon!

* Para sa kaloob na sangnilikhang saligan ng lahat ng iba pang kaloob ng Panginoon, magpasalamat tayo! **B.**

* Para sa buhay at lahat ng pagkakataong kaloob ng Diyos upang tayo'y maging kasangkapan ng Kanyang pag-ibig sa kapwa, magpasalamat tayo! **B.**

* Para sa kaloob Niyang si Hesus, na ating Panginoon at Tagapagligtas na nagbukas ng pintuan ng langit, magpasalamat tayo! **B.**

* Para sa kaloob Niyang Simbahan at mga bunga ng kabanalang lumago roon sa loob ng maraming siglo at nagpapatuloy hanggang ngayon, magpasalamat tayo! **B.**

* Para sa kaloob na Salita ng Diyos na para sa atin ay bukal ng kaliwanagan, tibay ng loob, at kaisiglahan, magpasalamat tayo! **B.**

* Para sa mga kaloob na Sakramento ng ating pakikipagtagpo kay Kristong muling nabuhay at pinaghahanguan ng kailangang lakas upang mamuhay alinsunod sa Ebanghelyo, magpasalamat tayo! **B.**

* Alalahanin natin ang iba pang dapat nating ipagpasalamat sa Panginoon. (*Manahimik sandali.*) Magpasalamat tayo! **B.**

P – Panginoong Diyos, Bukal ng lahat ng buti at buhay, patuloy Mo kaming pagkalooban ng Iyong pagpapala. Tulutan Mong kami at lahat ng aming gawin ay maging patuloy na pasasalamat sa Iyong nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P – Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, dumulong kaming may tiwala sa iyong tapat na paglingap ngayong ini-hahain namin ang mga alay sa iyong dambana upang sa pagdiriwang naming ito kami ay dalisayin ng pagpapala mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay, sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilalahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nanabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na matay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos na nag-aalis

ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito si Hesus, ang Diyos na kasama natin, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Nagpupuri sa Maykapal ang buo kong kalooban dahil sa kadakilaan ng ginawa niyang tanan sa kanyang kapangyarihan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kami’y iyong palakasin sa aming pakikinabang upang kami’y makasalubong sa dumarating naming Tagapagligtas nang may gawang karapat-dapat para maiharap sa ikapagkakamit namin ng pagiging kabilang sa mga mapalad sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik sandali.)

Nagagalak kayo sa maraming ipinagkaloob ng Panginoon sa inyo. Nawa gamitin ninyong lagi ang mga ito nang kalugod-lugod sa Kanya.

B– Amen!

P– Tulutan nawa ng Diyos na kayo’y maging laging matatag sa pananampalataya, maligaya sa pag-asa, at walang pagod sa pagmamahal.

B– Amen!

P– Nagagalak kayo sa pagdating ng ating Manunubos bilang tao. Sa kanyang maluwalhating pagbabalik, biyayaan Niya nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

Make this Our Gift to our Blessed Mother:
A Million Hearts Consecrated to Jesus through Mary
From her beloved people of the Philippines,
Bayang sumisinta kay Maria

Take a Self-Retreat for 33 days (December 31 to February 1)
with Fr. Michael Gaitley’s
33 Days to Morning Glory

We will end with a **TOTAL (TOTUS TUUS) CONSECRATION**
to the **IMMACULATE HEART OF MARY**
on **February 2,**

Feast of the Presentation of the Child Jesus

* Invite your family/organization/school/parish to do it with you. **33 Days to Morning Glory** is now available at **only P180!** Contact Word & Life (#894-5401/02). Or download the ebook from ShopMercy.org or Google Play Store. Share the picture of your Consecration on Facebook: **A Million Hearts Consecrated to Jesus thru Mary.** Like and share the page and posts. Pledge and be counted at www.mariansolidarity.com

Kasama ni Mariang Umaawit ng Pasasalamat sa Diyos

Ang reaksiyon ni Maria sa pagbati at papuri ni Elisabet ay pag-uumapaw ng kanyang di-matimping galak at pasasalamat sa Panginoon. Sa sigla ng kanyang kabataan, matunog niyang ipinahayag ang pag-uumapaw ng kanyang pasasalamat mula nang tanggapin niya ang mensahe ng Diyos sa pamamagitan ni Gabriel na arkanghel.

Pakumbabang hanggang sa kaibuturang inamin at ipinahayag ni Mariang ang kanyang buong pagkatao ay kaloob ng Kataas-taasan. Maligayang nagpapasalamat sa kanyang kababaang-loob, siya'y nagpapasalamat sa Panginoon at Tagapagligtas para sa lahat ng "dakilang ginawa" Niya para sa kanila sa pananalitang nagtatampok sa mga katangian ng Diyos na kanyang pinananaligan. **Dinarakila niya ang Diyos na mahabagin sa lahat ng sumasamba sa Kanya, nagtataas sa mga aba, at nagpapakain sa mga nagugutom.**

Ang Diyos ni Maria ay isang malakas at makatarungang Diyos. Hindi Siya nasisindak ng mga mapagmataas, mayayaman, makapangyarihan, o mga sikat. Wala Siyang panahon para sa kanila, ngunit tinatawagan Niya sila upang managot sa mga pahirap nila sa lahat ng mahihina't walang panlaban.

Gayon ang Diyos ni Maria. Gayon ang Diyos na ilalarawan ng kanyang Anak sa kanyang ipahahayag na "Mapapalad" at sa kanyang buong buhay.

May katuwiran si Mariang humanga at magpasalamat sa Diyos. Iniadya siya sa orihinal na kasalanan; hinirang siya upang maging birheng ina ng Bugtong na Anak ng Diyos. **Tunay ngang wala nang ibang taong higit na kahanga-hangang pinagpala ng Diyos kaysa kay Maria, maliban sa Kanyang Anak.** Di kataka-takang siya ay

tanghaling "mapalad" ng lahat ng salinlahi.

At tayo? Tiyak na hindi tayo ipinaglithi ni ipinanganak nang walang orihinal na kasalanan. **Kay-raming kadakilaang ginawa't idinulot ng Diyos sa atin:** ang ating buhay, katalinuhan at memorya, mga pandama, at lalo na ang panawagang mamuhay na may pakikipag-ugnayan sa ating Dakilang Lumikha, Manunubos, at Kaibigan; ang mga kaloob na pananampalataya, pag-asa, at kawanggawa, ang kaloob na Simbahan, Pahayag, at mga Sakramento, at mga kaloob na pagkakaisa, pakikipagkaibigan, at kagalakang dalisay . . .

Ito ang mga kaloob na tulad ng kay Mariang Kabanal-banalan. Sa halip na magtuon sa ilang tanging sa kanya lamang, tayo man ay dapat magtuon sa libu-libong mayroon tayong tulad ng sa kanya. Ang talaan ay maaari pang pahabaing walang katapusan. **Mga pusong marangal ay marunong magbilang at magpasalamat dito.**

Marapat lamang na gawin nating sariling imno ng pasasalamat ang kay Maria – yaong tinatawag nating "Magnificat." Ang tanging pangungusap na maaari nating iwan ay: "Mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi," na angkop sa kanya lamang. Ngunit sa kabilang dako, marahil ay maaari pa ring panatilihin ang pangungusap na iyon kung **pagsisikapang nating mabuti na isabuhay nang tapat ang Ebanghelyong bigay sa atin ni Hesus.** Lahat ng tumutupad dito ay ipahahayag na mga "Mapalad" ng Dakilang Hari habang inaanyayahan Niyang kamtan nila ang Kahariang inihanda para sa kanila ng pag-ibig ng Diyos mula pa nang itatag ang mundo. (Sangguniin Mt 25:34.)

Jess P. Balon

Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

PINAGMULAN NG "CHRISTMAS TREE"

Iba-iba ang mga kuwentong tungkol sa pinagmulan ng "Christmas tree." Ang paggamit ng mga punong "evergreen" bilang sagisag ng buhay ay bumabalik sa panahon nang sinasamba ito ng mga pagano sa matandang Egipto, Roma, at Hilagang Europa. Nang malaunan, sa Alemanya, ang paganong kaugaliang ito ay ginawang Kristiyano ni San Bonifacio noong ikawalong siglo ayon sa ilang tao, o ng ilang deboto noong Panggitnang Panahon, at ni Martin Luther noong ika-16 na siglo ayon pa rin sa iba.


Ayon sa pinakamatanda sa mga alamat na ito, sa bisperas ng Pasko, sa isang rehiyong pagano ng Alemanya, isang batang lalaki'y iaalay na sana kay Thor, na diyos ng mga pagano, sa harap ng isang matandang punong walang dahon. Sa tulong ng kanyang "crozier," sinira ni **San Bonifacio** (ang mongheng nangaral at nagbinyag sa maraming Aleman) ang martilyong ipamumukpok sana sa bungo ng bata, saka tinagpas niya ang matandang punong mabubuhay na muli ng dugo ng mga taong iaalay na sakripisyo. Sa pagbagsak ng malaking puno, may lumitaw ritong isang bagong punong tinawag ni San Bonifacio ng "puno ng buhay" dahil sa nanatiling laging berde ang mga dahon nito. Nilagyan ng mga kandila ang mga sanga ng puno. At isinalaysay ni San Bonifacio sa harap nito ang kuwento ng kapanganakan ni Kristo na pinaniwalaan naman ng mga taong-gubat. Mula na noon, ang punong iyon ay siyang naging sagisag at tagapagpaalala sa mga taong iyon ng kapanganakan ni Hesus sa Betlehem.

Ayon naman sa isa pang tradisyon, ang

"Christmas tree" ay ang "ebolusyon" ng "**Puno ng Buhay**" na gamit noong mga Panggitnang Panahon sa mga tinatawag na "dulang misteryo" na nagtatanghal ng paglikha sa mundo at tukso kina Adan at Eva sa Halamanang Eden. Nang itinigil na ang mga "dulang misteryo," ang "Puno ng Buhay" ng Halamanang Eden ay siyang naging "**Christmas tree**" nang may ilan lamang pagbabago. Ang mga bunga ng Puno ng Tukso ay napalitan ng mga ilaw upang sumagisag sa kaligayahan ng Pasko, samantalang ang malaking ilaw sa tuktok nito ay sumasagisag naman kay Hesus na siyang ilaw ng sanlibutan.

At ayon sa isa pang tradisyon, si **Martin Luther** ay siyang nagsimulang gumamit ng berdeng puno bilang sagisag ni Hesuskristo. Nagandahan sa punong ito sa bisperas ng Pasko, habang may mga kumukutitap na bituin sa langit, nagpasiya siyang mag-uwi ng isang maliit na berdeng punong tulad nito at kanya itong nilagyan ng mga dekorasyong kandila bilang tagapagpaalala sa kapanganakan ni Hesus, na siyang ilaw ng mundo. Mula noon, ang kaugaliang mag-uwi ng berdeng punong lalagyan ng mga dekorasyong kandila ay naging isa nang tradisyon sa lahat ng tahanan Lutheran sa Alemanya.

Nang malaunan, ang kaugalian ay lumaganap sa ibang bansa sa Europa at sa Estados Unidos. Buhat sa Amerika, sa patuloy na pangangalakal sa Pasko, ang ganitong sagisag na panrelihiyon ay lumaganap sa buong mundo. Gayunman, malimit na wala nang kaugnayan sa kapanganakan ni Hesus, at ang naiwan na lamang ay isang dekorasyon ng panahong ipinagdiriwang.



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua